## Ano ang Protection Order?

Isa itong kautusan na iniisyu ng Barangay o ng Korte upang mapigilan ang mga akto ng karahasan sa babae o sa kaniyang anak at upang magkaloob ng iba pang kailangang lunas, alinsunod sa RA 9262. May tatlong (3) uri ng protection order:

1. **Barangay Protection Order** (BPO)
2. **Temporary Protection Order** (TPO)
3. **Permanent Protection Order** (PPO)

## Sino ang Maaaring Humiling ng Protection Order?

Ang sinuman sa sumusunod ay maaaring humiling ng protection order:

**a.** ang panig na naagrabyado (offended party)
**b.** mga magulang o tagapangalaga ng panig na naagrabyado
**c.** mga ascendant, descendant, o collateral relatives na hanggang sa ikaapat na sibil na digri ng consanguinity o affinity
**d.** mga pinuno o social worker ng DSWD o ng mga LGU
**e.** mga pulis, lalo na ang mga namamahala sa women and children's desk
**f.** punong barangay o barangay kagawad
**g.** mga abogado, tagapayo o counselor, therapist, mga health care providers ng petisyoner
**h.** at least dalawang (2) nagmamalasakit na mamamayan (concerned citizen) ng lungsod o bayan kung saan naganap ang VAWC at may personal na kaalaman sa nangyari


Mga Sanggunian:

1. RA 9262 or the Anti-Violence Against Women and their Children Act Primer by SALIGAN
2. A guide to Anti-Violence Against Women and their Children (RA 9262) Philippine Information Agency and the NCRFW, 2004
3. END VAW: A Complete Reference Book on the Anti-Violence Against Women and their Children Act of 2004 (RA 9262). Published by the Support Service Institute of Women and the Democratic Socialist Women in the Philippines, 2006
4. RA 9262 or the Anti-Violence Against Women and their Children Act of 2004, Implementing Rules and Regulations
5. Q & A Implementing Rules and Regulations RA 9262 or the Anti-Violence Against Women and their Children Act of 2004, A Handbook for the Philippine Natonal Police
6. Barangay Protection Order RA 9262 A Primer, Department of the Interior and Local Government, National Barangay Operations Office, 2004



Isinalin sa Wikang Filipino ng Komisyon sa Wikang Filipino


## HUWAG MATAKOT HUMINGI NG TULONG

**Barangay VAW Desk sa inyong Barangay Hall**

**Panlalawigan/Panlungsod/Pambayang Tanggapan ng Kagalingan at Pagpapaunlad Panlipunan ng mga Yunit ng Pamahalaang Lokal**

**Kagawaran ng Kagalingan at Pagpapaunlad Panlipunan (DSWD)**
**Ugnayan Pag-asa Crisis Intervention Center**
Hotlines: (02) 8734-8639 / (02) 8734-8654 / (02) 8734-8626 to 27

**DSWD Community-Based Services Section (CBSS)**
Hotline: (02) 8733-0010 to 18 loc. 116

**Pambansang Pulisya ng Pilipinas (PNP)**
Hotline: 117 / 911

**Women Children Protection Center**
Main Office: (02) 8532-6690 / 7410-3213 / 7723-0401 local 5260, 5360, 5361
Visayas: 0917-7085157 / (032) 410-8483
Mindanao: 0917-1806037
Aleng Pulis: 0919-7777377 / 09667255961

**National Bureau of Investigation (NBI)**
Anti-Violence Against Women and Children Division (VAWCD)
Hotline: (02) 8525-6028

**DOJ-Public Attorney's Office (PAO)**
(02) 8929-9436 local 106, 107 or 159 (Local "0" for operator)
Mobile: 0939-3233665
DOJ Action Center: (02) 8521-2930 / 8523-8481 loc. 403

**UP PGH Women's Desk**
Tel. no.: (02) 8524-2990 / 8353-0667 / 8542-1512 / 8554-8400 local 2536

**Women's Care Center Inc.**
St. Scholastica's Archives-Museum, 884 Pablo Ocampo Street, Manila
Mobile: 0920-9677852 / 0917-8250320


*Cover Graphics: JAMIA MAE TOLENTINO*
*Second Prize Winner, 2013 18-Day Campaign to End VAW Poster Making Contest*






*Isinalin sa Wikang Filipino sa tulong ng Sangay ng Salin, Komisyon sa Wikang Filipino*


Para sa higit na impormasyon, mangyaring makipag-ugnay sa:


**Philipine Commission on Women**
1145 Jose P. Laurel Street, Malacañan Palace Complex
San Miguel, Manila 1005, Philippines

(+632) 8735-1654
records@pcw.gov.ph
https://www.pcw.gov.ph
PCWgovPH


Your feedback matters


© 2022:


Philippine Commission on Women

**Complimentary Copy. This publication is not for sale**

# Republic Act 9262

## Anti-Violence Against Women and their Children (VAWC) Act of 2004

## Batas Republika 9262:
## Batas Laban sa Karahasan sa Kababaihan at sa kanilang mga Anak 2004

Ang batas na ito ay naglalayon na matugunan ang paglaganap ng karahasan sa kababaihan at sa kanilang mga anak (VAWC) na ginagawa ng kanilang mga kapareha (partner) tulad ng:

- Asawa o dating asawa
- Ka-live in o dating ka-live-in
- Boyfriend/girlfriend o dating boyfriend/girlfriend
- Ka-date o dating ka-date

Inuuri ang VAWC bilang isang krimen.

### Ano ang VAWC sa RA 9262?

Tumutukoy ito sa anumang akto o serye ng akto ng sinuman sa isang babae na kaniyang asawa, dating asawa, o sa isang babaeng seksuwal niyang nakarelasyon (sexual relationship) o naka-date (dating relationship), o sa babaeng nagkaroon siya ng anak, o sa anak ng babae lehitimo man o di-lehitimo, sa loob o sa labas ng tahanan ng pamilya, na nagresulta o malamang na magresulta sa pinsala o pagdurusang pisikal, seksuwal, sikolohiko, o pang-aabusong pangkabuhayan (economic abuse) kabilang na ang mga pananakot gawin ang ganito, pambubugbog, pananakit (assault), pamimilit (coercion), harassment o arbitraryong pagkakait ng kalayaan.

**Mga bata (Children)**- tumutukoy sa mga wala pang 18 taong gulang o higit dito subalit walang kakayahang pangalagaan ang sarili (gaya ng nakasaad sa RA 7610). Kinabibilangan ito ng mga biyolohikong anak ng biktima at ng iba pang bata na nasa kaniyang pangangalaga.

**Dating Relationship**- tumutukoy sa isang relasyong may ugnayang romantiko. Nangangahulugan ito na nagkaroon ng relasyon ang babae at ang kaniyang kapareha na abusado o dati nang nang-abuso sa kaniya, pormal man o hindi ang relasyon.

**Relasyong Seksuwal -** tumutukoy sa isang aktong seksuwal na maaaring magresulta o hindi magresulta sa pagkakaroon ng anak.

**Ang VAWC ay kinabibilangan ngunit hindi limitado sa sumusunod:**

1. **KARAHASANG PISIKAL** - tumutukoy sa mga aktong kinabibilangan ng pinsala sa katawan o pinsalang pisikal;
2. **KARAHASANG SEKSUWAL** - tumutukoy sa aktong may seksuwal na katangian na ginawa sa babae o sa anak nito. Ito ay kinabibilangan ngunit hindi limitado sa:

**2.a** Rape o panggagahasa, sexual harassment, mga gawaing malalaswa (acts of lasciviousness), pagtrato sa babae o sa anak nito bilang sex object, paggamit ng mga pananalitang mapang- alipusta at bastos, paghawak sa maseselang bahagi ng katawan ng biktima, pagpilit sa biktima na magbasa ng malalaswang publikasyon at manood ng malalaswang palabas o pamimilit sa babae o sa kaniyang anak na gumawa ng malalaswang akto at/o gawaan ito ng film, pamimilit sa asawa at kinakasama/karelasyon na magsama sa tahanan ng mag-asawa (conjugal home) o matulog sa iisang silid na kasama ang nang-aabuso;

**2.b** Mga aktong nagdudulot o nagtatangkang magdulot ng paglahok ng biktima sa anumang seksuwal na aktibidad sa pamamagitan ng puwersa, pananakot ng paggamit ng puwersa, pisikal o iba pang pinsala o pananakot ng pisikal o iba pang pinsala o pamimilit; at

**2.c** Pagkakasangkapan (prostituting) sa babae o bata sa masamang paraan.

3. **KARAHASANG SIKOLOHIKO** - tumutukoy sa mga akto o omisyon na nagsasanhi o malamang na magsanhi ng mental o emosyonal na pagdurusa ng biktima tulad ng subalit hindi limitado sa intimidasyon, harassment, stalking, pagkasira ng ari-arian, pangungutya o panghihiya sa publiko, paulit-ulit na pang-aabusong berbal at mental infidelity. Kinabibilangan ito ng pagpapahintulot sa biktima na mapanood ang pisikal, seksuwal o sikolohikong pang-aabuso sa isang miyembro ng pamilyang kinabibilangan niya, o na masaksihan ang alinmang anyo ng pornograpiya o masaksihan ang pinsala mula sa pang-aabuso sa mga alagang hayop o ang di-legal o di-makatwirang pagkakait sa karapatan sa kustodya at/o pagdalaw sa kanilang mga anak.
4. **ABUSONG PANGKABUHAYAN (ECONOMIC ABUSE)** - tumutukoy sa mga akto na ginagawa o nagtatangkang gawing financially dependent o nakaasa ang babae sa kakayahang pinansiyal ng kapareha niya. Ito ay kinabibilangan ngunit hindi limitado sa:

*Pagbawi ng suportang pinansiyal o pagbabawal na lumahok sa anumang lehitimong propesyon, okupasyon, negosyo o aktibidad, pagkakait ng mga risorses pampinansiya at ng karapatan sa ari-arian ng mag-asawa (conjugal community o property owned in common), pagsira sa mga ari-arian sa bahay, o pagkontrol sa pera o pag-aari ng biktima.*

### Sino ang pinoprotektahan ng Batas?

Kinikilala ng batas ang di-pantay na ugnayan ng lalaki at babaeng nasa mapang-abusong relasyon na ang babae ay kadalasang napaglalamangan. Pinoprotektahan sa gayon ng batas ang babae at ang kaniyang mga anak. Makakapakinabang sa batas ang biktimang bata na menor de-edad (lehitimo at di-lehitimo), at biktimang edad 18 taong gulang at higit pa na walang kakayahang magpasiya para sa sarili dahil sa sakit na emosyonal, pisikal, at mental.

Protektado din ng batas ang sinumang bata na nasa pangangalaga ng isang babae.

### Ano ang magagawa ng kababaihan at bata alinsunod sa RA 9262?

Sa batas na ito, ang panig na naagrabyado (offended party) ay maaaring mag-file ng aksiyong kriminal, o humiling ng Protection Order bilang independent na aksiyon o bilang dependent na aksiyon sa isang aksiyong sibil o kriminal, at iba pang remedyo.

### Mga lalaki lamang ba ang nagkakasala sa VAWC?

Maaari ding magkasala ang mga babae sa batas na ito. Saklaw din ng batas ang mga lesbian partner / girlfriends o dating naging partner na nagkaroon ng relasyong seksuwal sa biktima o naka-date ang biktima.

### Paano kung ang asawa/partner na lalaki ang nagreklamo sa mga pang-aabusong ginagawa ng kaniyang asawa / partner na babae?

Maaari siyang mag-file ng complaint o kaso alinsunod sa Revised Penal Code.

### Sino ang maaaring mag-file ng complaint sa RA 9262?

Sinumang mamamayan na may personal na kaalaman (personal knowledge) sa mga isinagawang krimen ay maaaring mag-file ng complaint dahil itinuturing na PUBLIKONG krimen ang karahasan sa kababaihan at sa mga anak nito.

### Saan dapat mag-file ng mga kasong VAWC?

Maaaring mag-file ng mga kaso sa Regional Trial Court na itinalaga bilang FAMILY COURT ng lugar kung saan naganap ang krimen. Ang mga korteng ito ang may orihinal at eksklusibong hurisdiksiyon sa mga ganitong kaso.

### Ano ang mga parusa sa pagsasagawa ng VAWC?

Ang mga napatunayan ng korte na nagkasala ay parurusahan ng:

- Pagkabilanggo mula 1 buwan at 1 araw hanggang sa 20 taon
- Pagmumulta ng P100,000 hanggang P300,000 bilang damages
- Mandatoryong pagsasailalim sa counselling na sikolohiko o gamutang sikiyatriko

### Ano ang Battered Woman Syndrome (BWS)?

Kinikilala ng RA 9262 na ang mga babaeng naghiganti (retaliated) sa kanilang mga partner o ang mga babaeng nakagawa ng karahasan bilang pagtatanggol sa sarili (self defense) ay maaaring dumaranas ng Battered Woman Syndrome (BWS).

*Tinutukoy ng BWS ang mga pattern ng sintomas sa kaisipan (psychological) at kaugalian (behavioral) na makikita sa mga battered woman na resulta ng mahabang panahong pang- aabuso.*

Sinumang biktima na dumaranas ng BWS ay dapat na masuri ng eksperto sa psychiatry o ng clinical psychologist. Makatutulong din ito sa biktima sa pagkakaroon ng makatarungang desisyon sa kaniyang kaso.

Hindi ipinahihintulot ng batas na mapunta ang pangangalaga ng mga batang menor de-edad sa panig na nagkasala (offender). Ipinagkakatiwala pa rin ang pangangalaga sa mga batang menor de-edad sa babae kahit na mapatunayang may BWS siya.